# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG DISYEMBRE 11, 2008 NA GINANAP SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Joselito T. Calderon | - | Konsehal/Pansamantalang Tagapamatnugot |
| Kgg. Sharon DL. Macabebe | - | Konsehal |
| Kgg. Arturo R. Valle | - | " |
| Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo | - | " |
| Kgg. Trece S. Cayton | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra | - | " |
| Kgg. Glenviano G. Valera | - | " |

**DI-DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Chito J. Esguerra | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Jean Antonette M. Bermillo | - | Pangulo ng Liga ng Sangguniang Kabataan |

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

INIAKDA NI: Pang. Punong Bayan Kgg. Janet DL. Mercado

- - - - - - - - - - -

**KAPASIYAHANG BILANG 183**

**KAPASYAHANG NAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA SA ALLOWANCE O KARAGDAGANG INSENTIBO PARA SA ATING MGA ATLETA, COACHES AT TRAINOR BILANG PAGHAHANDA NILA SA PAGLAHOK SA MGA DARATING NA TAUNANG REHIYONAL, NASYONAL AT PAMBANSANG PAMPALAKASAN**

SAPAGKAT, ang ating mga atleta ay dapat mabigyan ng sapat at wastong pagkalinga ng ating pamahalaang local upang magampanan nito ng buong husay ang kanilang tungkulin bilang mga pangunahing manlalaro ng Bayan ng Taytay;

SAPAGKAT, sa ganitong bagay ay makakatulong tayo na mai-angat ang moral na ating mga pinagmamalaking manlalaro ng ating bayan;

SAPAGKAT, kailangang bigyan natin ng wastong pagkalinga ang mga tulad nilang mga atleta na patuloy na nagsusumikap na makapag-ambag ng kanilang lakas at talino upang makamit ang pagkilalang karapat-dapat sa ating bayan,

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasya ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa allowance o karagdagang insentibo para sa ating

mga atleta, coaches at trainor bilang paghahanda nila sa paglahok sa mga darating na taunang Rehiyonal, Nasyonal at Pambansang Pampalakasan.

PINAGPASYAHAN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-11 ng Disyembre, taong 2008 dito sa Silid Pulungan ng Pamahalaang Bayan ng Taytay Lalawigan ng Rizal.

**NOLI G. DEL ROSARIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. JOSELITO T. CALDERON**
Konsehal
Pansamantalang/ Tagapamatnugot

PINAGTIBAY:

**KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II**
Punong Bayan